ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Edisyong Pilipino
Espesyal na Isyu
Marso 29, 2018
www.philippinerevolution.info

# Paigtingin ang digmang bayan laban sa tiraniya at terorismo ng pasistang rehimeng US-Duterte

**Komite Sentral**
**Partido Komunista ng Pilipinas**




Nagpupugay ang Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas sa lahat ng Pulang mandirigma at kumander ng Bagong Hukbong Bayan sa okasyon ng ika-49 na taong anibersaryo nito. Pinakamataas na parangal ang iginagawad ng Komite Sentral sa lahat ng bayani at martir ng Bagong Hukbong Bayan para sa pinakamataas na sakripisyo nila sa pagsisilbi sa bayan.

Iginagawad ng Komite Sentral ang pinakamataas na paggalang at pagdakila sa lahat ng beterano ng Bagong Hukbong Bayan, lalu't higit sa mga nagbukas ng unang mga larangang gerilya sa buong kapuluan at nananatiling tapat sa kanilang mga rebolusyonaryong adhikain. Sa kanilang pagsisikap at mga sakripisyo, nagawa nilang itatag ang matitibay na pundasyon para magpunyagi at sumulong ang matagalang digmang bayan sa mga susunod na dekada.

Ang Bagong Hukbong Bayan ay itinatag mula sa halos wala sa ikalawang distrito ng Tarlac noong 1969 na meron lamang 60 Pulang mandirigma na may siyam na ripleng awtomatik at 26 na mahihinang klaseng armas at baseng masa na 80,000. Sa kasalukuyan, ang Bagong Hukbong Bayan ay isang pambansang hukbo na may ilang libong Pulang mandirigmang armado ng matataas na kalibreng baril. Tinatamasa nito ang malalim at malawak na suportang masa, laluna sa hanay ng masang magsasaka at mga pambansang minorya, gayundin sa hanay ng mga manggagawa at intelektwal sa kalunsuran at iba pang aping sektor.

Ang Bagong Hukbong Bayan ay patuloy na matatag na lumalaki habang papalapit ang ika-50 taong anibersaryo ng pagkakatatag nito. Ang mga kabataang Pulang mandirigma at mga kumander mula sa mga magsasaka, manggagawa at intelektwal sa kalunsuran ang siyang bumubuo sa karamihan sa kanilang hanay at nagdadala ng rebolusyonaryong sigla, optimismo at katapangan. Higit na matatag ang paninindigan at kapasyahan ng Bagong Hukbong Bayan na maglingkod sa bayan at isulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas.

Lumalaganap ang rebolusyonaryong alab ng Bagong Hukbong Bayan at nagbibigay-inspirasyon sa proletaryado at mga uring api at mamamayan sa daigdig na makibaka para sa demokrasya, panlipunang hustisya at pambansang kalayaan. Gayundin, ang Bagong Hukbong Bayan at ang mga rebolusyonaryong pwersang masa ay humahalaw ng inspirasyon mula sa pakikibaka ng mga manggagawa, magsasaka at malawak na masa at tumatanaw sa pandaigdigang muling pagdaluyong ng mga demokratiko at sosyalistang rebolusyon habang ang pandaigdigang kapitalistang sistema ay patuloy na umuugod-ugod sa magkakasunod na krisis.

Ang Bagong Hukbong Bayan at ang mamamayang Pilipino ay kasalukuyang nahaharap sa brutal na todo-gerang ipinatutupad ng pasistang rehimeng US-Duterte sa ilalim ng Oplan Kapayapaan. Ang gerang ito ay mabilis na nalalantad na isang gera laban sa mga sibilyan

sa walang-saysay na pagtatangkang dahasin at takutin ang mamamayan at maging sunud-sunuran sa pasista at tiranikong panunungkulan ng papet na burukratang kapitalistang rehimen. Gayunpaman, nagresulta lamang ito sa pagkakahiwalay ng rehimen at pagtutulak sa mamamayan na magkaisa, tumutol at lumaban.

Ang sosyo-ekonomikong kalagayan ng mamamayan ay higit na malala sa ilalim ng neoliberal na mga patakarang pang-ekonomiya ng rehimeng US-Duterte. Sumisidhi ang diskuntento ng masang api at napupukaw silang isulong ang iba't-ibang porma ng pakikibaka para iabante ang kanilang pambansa at demokratikong layunin. Nananatiling mainam ang kalagayan para sa pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos ng mamamayan sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan sa mas mataas na antas.

---

# Isang dekada ng walang patid na pandaigdigang depresyon at paglaban

NGAYONG TAON AY isang dekada na ang pandaigdigang kapitalistang depresyon. Mula nang malugmok sa pang-ekonomyang resesyon noong 2008, ang ekonomya ng US at iba pang nangungunang kapitalistang bansa ay patuloy na nakasadsad sa mabagal na paglago, o minsa'y istagnasyon.

Nakasadlak ang pandaigdigang sistemang kapitalista sa isang di malutas na krisis ng sobrang produksyon bunga ng saligang kontradiksyon ng pribadong pag-aari, akumulasyon at tumataas na konsentrasyon ng kapital, sa isang panig; at ng panlipunang produksyon, sa kabilang panig. Ang pagtaas ng produktibidad dahil sa paghahabol sa tubo ay humahantong sa anarkiya sa produksyon, lumalaking imbentaryo ng di mabentang mga produktong pangkonsumo at kapital, pagbagsak ng presyo ng mga kalakal, pagkawasak ng mga produktibong pwersa, pagkauntol ng siklo o pagsasalin ng produktibong kapital, lumalalang pinansyalisasyon at kabuuang pagtumal ng ekonomya.

Hindi pa mapagpasyang nababaligtad ang paghina ng pandaigdigang kapitalistang ekonomya mula noong krisis sa pinansya sampung taong nakaraan. Mula sa pinakamababang paglago na 2.4% noong 2016, tinatayang lumaki nang 3% ang pandaigdigang GDP noong nakaraang taon. Pinaniniwaalan maging ng mga burges na ekonomista na hindi ito masusustine sa mga darating na taon. Nananatiling mababa ang paglago ng pinakamaunlad na kapitalistang ekonomya kabilang ang US na lumago lamang nang 2.3%, Europe, 2.4% at Japan, 1.7%. Mula 2010, tuluy-tuloy na humihina ang paglago ng ekonomya ng China, ang unang paglaki nitong 6.9% ay babawiin ng mas mababang target sa 2018.

Para lamang mapanatili ang mabababang tantos ng paglago ng pandaigdigang ekonomya, lumaki nang lumaki ang utang ng mga indibidwal, korporasyon at gubyerno. Ang pandaigdigang pampublikong pautang ay nasa US$230 trilyon, mahigit tatlong ulit ng laki ng kasalukuyang kabuuang pandaigidigang GDP. Ito ngayon ang pinakamalaking bula na ngayo'y naglalaho, kasabay ang bula sa ari-arian ng mga monopolyong burgesya, at inaasahang lumikha ng mas malaking delubyo kaysa pampinansyang paglaho noong 2008. Samantala, ang kabiguan ng mayorya ng mga korporasyon na bayaran ang kanilang mga utang ay nagresulta sa pagsasara ng mga pabrika, pagbagsak ng produksyon at pagtaas ng disempleyo. Ang pagkawala ng trabaho at kabiguan ng mga indibidwal na makapagbayad-utang ay humantong sa malaking pagbawas ng panggitnang uri sa pinakamaunlad na bansa at nagbubunsod ng kagutuman, kawalan ng tirahan at kahirapang tulad sa mahihirap na bansa.

Pinababagal ang buong kapitalistang sistema ng malaking tigil na imbentaryo ng bakal, mga sasakyan, langis, mga kagamitang elektroniko at iba pang kalakal. Pinabagal nito ang produksyong pang-ekonomya na nagbunsod ng malawakang pagkawasak sa produktibong pwersa.

Para mabawasan ang sobrang suplay ng bakal at di produktibong kapital, itinutulak ng China ang isa sa pinakamalaking proyektong pang-imprastruktura, ang $8 trilyong One Belt One Road Initiative, kung saan magtatayo ng mga kalsada, riles, daungan, paliparan at iba pang pasilidad sa transportasyon para pagdugtungin ang 68 bansa mula China tungong Europe. Katulad nito, balak ng gubyernong US na magtayo ng pader sa hangganang US-Mexico na magkakahalagang $25 bilyon.

ANG Bayan

Espesyal na Isyu | Marso 29, 2018

instagram.com/prwc.official

@prwc_info

fb.com/cppinfo

cppinformationbureau@gmail.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses sa isang buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Ang mga hakbanging ito na pinondohan o pinasisimulan ng estado na layong itaas ang kahilingan para sa bakal, semento at iba pang kagamitan sa konstruksyon ay makalilikha lamang ng pansamantalang empleyo subalit mabibigong bunutin ang mga ugat ng pandaigdigang krisis ng kapitalismo. Mag-iiwan lamang ito ng malalaking tiwangwang na istruktura at gabundok na di mabayarang utang.

Ang mga di imperyalistang bansang kapitalista tulad ng Spain, Italy, Greece, Brazil at iba pa ay lugmok na lugmok sa nagpapatuloy na pandaigdigang depresyon at sa lokal na paghina ng produksyon. Sa harap ng bigat ng mga dayong imperyalistang empresa, nangapinsala ang mga lokal na industriya na humahantong sa malalalang tantos ng disempleyo.

Nasasadlak ang mayorya ng mga bansa sa atrasadong kundisyon sa ekonomya, pamalagiang malawakang disemplyo, dayong pagsasamantala sa murang lakas paggawa at pagdambong sa yamang lupa at mineral na nagreresulta sa pagkasaid ng rekurso at mga sakunang pangkalikasan. Nagdurusa ang malawak na masa ng mga manggagawa at magsasaka sa mababang sahod, pleksibleng paggawa (di istableng empleyo), kumbersyon ng lupang agrikultural sa mga plantasyon para sa eksport, pagkawala ng seguridad sa pagkain at iba pang palala nang palalang anyo ng pagsasamantala at pang-aapi.

Lumalalim ang inter-imperyalistang mga kontradiksyon at tumutungo sa lalong hayagang tunggalian sa gitna ng mundong multipolar. Lumalakas ang proteksyunismo sa ekonomya ng mga nangungunang kapangyarihang kapitalista. Agresibong itinutulak ni President Trump ng US ang patakarang "America First" ng nagdaang rehimen—pagpapataw ng mas matataas na taripa sa inaangkat na bakal at iba pang kalakal, ang mga kaltas buwis at iba pang insentibo noon pang panahon ni Obama para itulak ang mga kumpanyang US na ibalik ang operasyon sa US. Kumalas ito sa Trans-Pacifc Partnership at Trans-Atlantic Partnership. Sa halip, itinutulak nito ang mga kasunduang bilateral para pigain ang mga malakolonya nito.

Patuloy na ipinagtatanggol ng malaking burgesya at mga burukratang kapitalistang Tsino ang tinaguriang mga empresang estado na, katunaya'y mga pang-estadong monopolyo kapitalistang operasyong. Samantala, nagkakandahirap ang United Kingdom na itakda ang parametro ng paglabas sa European Union (sa pamamagitan ng Brexit) na layong itakda ang soberanong karapatang itakda kung saan-saan mamumuhunan at kani-kanino makikipagkalakalan.

Lumalakas ang ultra-nasyunalista, militarista at pasistang mga partido at pinuno ng estado na tahasang antimanggagawa, anti-migrante at mapang-upat ng gera, katulad ni President Trump ng US. Tinatapatan siya ng mga gaya niyang militarista tulad nila Vladimir Putin ng Russia at Shinzo Abe ng Japan. Kamakailan, idineklara ni President Xi Jinping ng China ang sarili bilang presidente habambuhay kasabay ng planong pamunuan ang China sa pakikipaglabanan na bigyang-hugis at pagharian ang pandaigdigang ekonomya.

Sa ilalim ni Trump, patuloy na iginigiit ng imperyalistang US ang pandaigdigang hegemonya at superyoridad sa militar. Nananatili itong numero uno sa dami ng mga air craft carrier, dami ng sandatang nukleyar at dami ng mga base militar at tauhang militar sa ibayong-dagat. Patuloy itong nagbebenta ng mga sandata sa mga lugar na may armadong tunggalian para itaas ang kita at paggastos militar. Patuloy nitong ginagamit ang bentaheng militar para pagbantaan ang mga karibal na imperyalista, magpakitang lakas sa Europe, ipakat ang pwersa sa kanlurang hangganan ng Russia, igiit ang kontrol sa rekursong langis ng Middle East at magpakitang gilas sa Asia, partikular na sa timog at silangang karagatan ng China. Ginagamit ng US ang taktika ng parusa-at-gantimpala laban sa North Korea at Iran, na binabantaan ng kumprontasyong militar at pagkatapos ay aalukin ng mga pulong at negosasyon.

Nagsisikap maghabol ang Russia at China sa lakas militar ng US. Mistulang muling binuhay ng US at Russia ang karerang nukleyar, sa pagdeklara ng US ng planong malakihang pauunlarin ang mga sandatang nukleyar nito, habang isinapubliko ng Russia ang bagong kapabilidad nito tulad ng mga *hypersonic missile* na sumisirit ng dalawang ulit sa bilis ng tunog at mga *cruise missile* na kayang lumipad na walang taning. Patuloy na sumisiklab sa pagitan ng US at Russia ang mga gerang *proxy* tulad sa Syria at mga armadong tunggalian sa Middle East at Eastern Europe.

Itinatag ng China ang unang dayong base militar nito sa Djibouti at ipinakat ang unang *aircraft carrier* nito para maghatid ng tropa nito sa Africa. Pinalalakas ng China ang tayo nito sa Africa upang patatagin ang kontrol nito sa malawak na rekursong langis at iba pang mineral tulad ng ginagamit sa produksyon ng solar panel, mga baterya at iba pa.

May ilang bansa na patuloy na naggigiit ng pambansang soberanya laban sa hegemonya at panghihimasok ng US. Patuloy na nilalabanan ng anti-imperyalistang mga gubyernong Bolivarian ng Cuba, Venezuela, Bolivia at Ecuador ang panghihimasok at subersyon ng US. Nananatiling matatag ang Iran at North Korea sa pagtataguyod ng karapatang magdepensa sa pagpapaunlad ng teknolohiyang nukleyar bilang sandata sa pagtatanggol laban sa agresyong US.

Araw-araw ay sumisiklab ang mga pakikibakang bayan sa buong mundo. Paulit-ulit ang mga protestang masa ng mga manggagawa at mamamayan sa Europe laban sa mga hakbanging neoliberal na ipinapataw ng European Union at

IMF/WB tulad ng mga kaltas sa serbisyong panlipunan kabilang ang nakalaan sa pondong pampensyon. Sa US, inilulunsad ang mga pakikibakang masa ng mga itim, migrante, kababaihan at iba pang aping grupo laban sa mga patakaran ng gubyernong Trump. Patuloy na isinasagawa ang mga welgang manggagawa sa China laban sa mababang sahod at mapang-aping mga kundisyon sa paggawa.

Patuloy na inilulunsad ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa Kurdistan at iba pang bansa para sa karapatan ng mamamayan sa sariling pagpapasya. Inilulunsad ang mga digmang bayan sa India at Pilipinas alinsunod sa pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba. Nagsisilbi silang tagatangan ng sulo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at ng bagong demokratikong rebolusyon sa transisyon mula sa kasalukuyang pangkalahatang krisis ng kapitalismo tungo sa panibagong pagdaluyong ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon.

Ang nagpapatuloy na pandaigdigang krisis ng kapitalismo at ang mga kundisyong sosyo-ekonomiko at pampulitika ay pabor sa paglakas at muling pagdaluyong ng proletaryong rebolusyon. Sa buong mundo, umuusbong ang mga Marxista-Leninistang grupo sa pag-aaral at mga komite sa pag-oorganisa ng partido kapwa sa mga sentro ng kapitalismo at maging sa mga malakolonya at iba pang atrasadong bansa. Magkokonsolida ito sa mga proletaryong rebolusyonaryong pwersa at magbibigay ng kakayahan sa kanila na pamunuan ang mga rebolusyonaryong pakikibaka sa kani-kanilang bansa.

Ang internasyunal na proletaryado ay nagpupunyaging makamit ang importanteng pagsulong sa pagsisikap na iluwal ang bagong rebolusyonaryong pagdaluyong sa bagong demokratiko at sosyalistang rebolusyon. Malaki ang pangangailangang pag-aralan at ilapat ang Marxismo-Leninismo-Maoismo sa umiiral na kongretong kalagayan sa iba't ibang bansa.

Noong Oktubre 2017, ipinagdiwang ng mga partido komunista at manggagawa sa buong mundo ang sentenaryo ng Dakilang Proletaryong Rebolusyong Oktubre sa Russia na nagtatag ng unang sosyalistang estado at ekonomya. Humahalaw ng aral ang internasyunal na proletaryado sa pagsusulong ng sosyalistang rebolusyon at pagtatatag ng sosyalismo mula 1917 hanggang 1977, gayundin mula sa mapangwasak na pag-usbong ng modernong rebisyunismo na naganap bago umusbong ang burgesya sa loob ng Partido at estado, na humantong sa panunumbalik ng kapitalismo at sa pagbaligtad ng mga tagumpay sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon. Ang malalang pagdurusa ng mga manggagawa at magsasaka sa Russia, China at iba pang dating sosyalistang bansa matapos ang panunumbalik ng kapitalismo ay nagpapakita sa pangangailangan at kakagyatan na muling bigyang-buhay ang internasyunal na sosyalistang rebolusyon.

Sa malayong pagtanaw sa kasaysayan, buo ang kapasyahan ng proletaryado na magpunyagi sa mahirap na tungkuling pukawin, organisahin at pakilusin ang uring manggagawa at masang anakpawis upang itatag ang Partido, paunlarin ang pangmasa at armadong lakas ng mga manggagawa at mamamayan, maging ang iba't ibang organisasyon ng nagkakaisang prente, upang ipaglaban ang kanilang mga demokratikong layunin at sikaping wasakin at ibagsak ang burges demokratikong estado sa kani-kanilang bansa.

Ang proletaryadong Pilipino ay kaisa ng kanilang pandaigdigang mga kapatid sa uri sa pagsisikap na buksan ang bagong pangkasaysayang yugto ng muling pagdaluyong ng sosyalistang rebolusyon sa mas mataas na antas.

Ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan sa Pilipinas sa pamumuno ng Partido ay sumulong sa limang dekada ng pagpupunyagi at kapasyahan na isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka sa harap ng napakalaking kahirapan. Ang pagsulong ng rebolusyonaryong pakikibaka sa Pilipinas ang pinakamalaking kontribusyon ng PKP at uring manggagawang Pilipino sa pagsisikap ng proletaryo sa buong mundo na isulong ang internasyunal na sosyalistang rebolusyon.

---

# Tiraniya at terorismo ng pasistang rehimeng US-Duterte sa gitna ng krisis

ANG NAGHAHARING REHIMENG US-Duterte ay bumaling na sa tiraniya at terorismo, panlilinlang at pagiging demagogo, sa pagnanais na panatiliin ang sarili sa Malacañang, monopolisahin ang kapangyarihang pampulitika at supilin ang rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan sa gitna ng lumalalim na krisis sa ekonomya at pulitika ng naghaharing sistema.

Ang krisis ng naghaharing malakolonyal at malapyudal na sistema ay patuloy na lumalala sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Ang ekonomya'y nananatiling atrasado, di-industriyalisado at agraryo, kinatatangian ng mababang dagdag-halaga na bahagyang pagpoproseso ng mga inangkat na pyesa at dayuhang kontrol sa malawakang produksyon ng pananim pang-eksport at maliitan at indibidwal na agrikultural na produksyon ng bigas at iba pang tanim na pagkain sa ilalim ng pyudal at malapyudal na kondisyon ng

pambubusabos. Ang lokal na produksyon ay nakaasa sa pag-angkat at pautang na nagreresulta sa pamalagiang depisito sa kalakalan at pagkalubog sa dayuhang pautang. Ang produktibidad ay mahabang panahon nang pababa.

Ang malawak na masa ng manggagawa at magsasaka ay dumaranas ng kawalan at pangangamkam ng lupa, kawalan ng hanapbuhay, malalalang porma ng pleksibleng paggawa, mala-aliping sahod, mataas na halaga ng pamumuhay, kawalan ng tirahan, malalang kahirapan, bawas sa mga panlipunang gastusin at kabuuang pagbagsak ng kalagayang sosyo-ekonomiko. Sa National Capital Region, ang ₱512 kada araw na minimum na arawang sahod ay wala sa kalahati sa kailangang halagang ₱1,171 para mabuhay ang isang pamilya. Ang agwat na ito ay mas lalaki pa sa pagpapatupad ng bagong buwis at mabilis na pagtaas ng halaga ng mga pangunahing bilihin at serbisyo.

Pinananagot ng mamamayang Pilipino ang rehimeng Duterte sa pagmasaker sa 663,000 na trabaho noong nagdaang taon, ang pinakamalaking taunang pagbagsak sa bilang ng mga may trabahong manggagawang Pilipino sa loob ng nakalipas na 20 taon. Sa kabila ng manipulasyon sa estadistika, ang upisyal na datos ng gubyerno ay nagsasaad na mayroong 9.1% na tantos ng walang hanapbuhay. Gayunman, ang tunay na bilang ng walang hanapbuhay ay umaabot na sa 20-25%. Dahil dito, nagpapatuloy ang paglalayas ng mga Pilipinong manggagawa na naghahanap ng trabaho sa ibang bansa na may halos 4,700 manggagawa ang umaalis ng bansa kada araw.

Ipinagpatuloy lamang ng rehimeng Duterte ang pagpapatupad ng patakaran ng liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan, deregulasyon at pribatisasyon ng mga pampublikong negosyo. Ang lokal na produksyon ay nananatiling nakaasa sa pag-import at nakatuon sa pag-eksport. Nakatali pa rin ito sa pandaigdigang kapitalistang kadena sa produksyon.

Katulad sa nakaraan, ang layunin lamang ng patakaran sa ekonomya ni Duterte ay akitin ang mga dayuhang mamumuhunan sa pamamagitan ng paglalaan ng imprastruktura at mga manggagawang may kasanayanan at mababa ang sahod. Nakatakdang ilabas ng gubyernong Duterte ang pinaikling listahan ng "Foreign Investment Negative List" para pahintulutan ang mga dayuhang mamumuhunan sa mas maraming larangan ng pamumuhunan. Itinutulak din nitong amyendahan ang Public Service Act upang malusutan ang mga paghihigpit sa Konstitusyon laban sa mga dayuhang pamumuhunan sa mga palingkurang bayan. Naisabatas rin nito ang TRAIN na pakete ng mga bagong buwis na naglalayong makalikom ng ₱600 bilyon para tiyakin sa mga dayuhang nagpapautang ang kakayahan ng Pilipinas na makapagbayad ng utang.


Sa gitna ng nagpapatuloy na pandaigdigang depresyon, at mahigpit na kompetisyon sa hanay ng mga bansang nagma-malaproseso, ang Pilipinas ay nabigong makaakit ng signipikanteng halaga ng direktang dayuhang pamumuhunan. Noon nakaraang taon, ang dayuhang pamumuhunan sa mga enklabo ay nakalikha lamang ng 78,000 trabaho. Ang pangako ni Duterte na lumikha ng "2 o 3 milyong trabaho" taun-taon sa pamamagitan ng kanyang "Build, Build, Build" ay malamang na hindi magkatotoo sapagkat ang inaasahang pondo mula sa Tsina para sa proyektong pang-impraistruktura ay hindi pa parating. Ang inaasahan ni Duterte na tulong na US$ 167 bilyong pautang mula sa China ay labis na pinalaki at pantasya lamang. Anumang halaga na kanyang makukuha ay may mataas na interes at mabibigat na kundisyon.

Buladas lamang ang deklarasyon ni Duterte para sa "industriyalisasyon." Katunayan, ang ilan sa mga panukalang amyenda sa 1987 konstitusyon ng mga kapanalig ni Duterte ay ang pagbura sa "industriyalisasyon" bilang saligang patakaran sa ekonomiya ng bansa.

Ganap na ngang inabandona na rehimeng Duterte ang reporma sa lupa. Matapos ang 30 taon, ang malalawak na lupaing pyudal ay nananatili sa ilalim ng monopolyong kontrol ng malalaking panginoong maylupa. Ang CARP/ER ay nakatakdang mabigo bilang programa sa reporma sa lupa. Binabalewala nito ang panawagan ng mga magsasaka para sa panlipunang hustisya at imbes ay tinakdaan pang magbayad ng regular na amortisasyon. Pinahintulutan nito ang iba't-ibang iskema para mapalawig ang kontrol sa lupa ng mga panginoong maylupa.

Sa kabila ng kanyang deklaradong pagkamuhi sa oligarkiyang Aquino-Cojuangco, bigo si Duterte na ilagay ang 6,453 ektarya sa Hacienda Luisita sa ilalim ng reporma sa lupa. Itinutulak din nito ang pagpapalit ng lupang agrikultural patungong plantasyon, laluna sa Mindanao, kung saan tiyak na mapalalayas ang libu-libong magsasaka at mga minorya sa kanilang mga lupain

Hindi maaasahan si Duterte na magsagawa ng seryosong kampanya laban sa korapsyon. Tinulungan niyang makabalik sa pulitika ang mga Marcos at ipinabasura ang kasong pandarambong kina Arroyo, Estrada at Enrile kapalit ng kanilang suporta nung 2016 sa ha-



lalan sa presidente. Mula sa pangunahing akusado, ginawa niyang "state witness" si Napoles para ipitin sina Aquino, Abad at iba pang mga susing upisyal sa rehimeng Aquino at hayaan silang makaligtas kapalit ng pakikipagtulungan nila sa kanya.

Patuloy na lumalala ang burukrata-kapitalistang korapsyon sa ilalim ng rehimeng Duterte. Naglaan si Duterte para sa kanyang sarili ng ₱2.5 bilyon na tinatawag na "intelligence" at "confidential" na pondo, na limang ulit na mas malaki kaysa inilaan sa nagdaang rehimen. Ginagamit niya ang kanyang tinatawag na *"discretionary funds"* para suhulan ang mga upisyal ng militar at pulis, mula sa mga heneral hanggang koronel, para tiyakin ang kanilang katapatan. Pinaniniwalaang ginagamit ang pondong ito sa operasyon ng kanyang "death squads." Ginagamit rin niya ang kontrol sa badget para konsolidahin ang kanyang supermayoryang kontrol sa mababang kapulungan. Ginagamit niya rin ang kanyang pondo para halukayin ang dumi ng kanyang mga katunggali at alyado para brasuhin ang mga ito at pwersahin silang pumailalim sa kanyang kapritso.

Isinaisantabi ni Duterte ang mas katanggap-tanggap na paraan ng "public bidding" pabor sa tinaguriang *"Swiss Challenge"* na sistema ng pagtanggap ng mga panukalang proyekto mula sa pribadong mamumuhunan. Nakikinabang ang malalaking burgesyang kumprador at burukrata-kapitalista mula sa mga bilyong pisong pondo at mga kikbak galing sa mga kontrata ng gubyerno.



Si Duterte ay isang pusakal na demagogo at manggagantso. Sinasamantala nya ang malawakang diskuntento ng mamamayan sa naghaharing sistema at nagpapanggap na kaisa nila. Kinukuha nya ang atensyon ng publiko sa pamamagitan ng maiingay na deklarasyon upang pagtakpan ang tunay niyang mga iskema. Ang "gera kontra droga" ay kumukubli sa kanyang ugnayan sa malalaking sindikato sa droga. Ang kanyang "gera kontra korapsyon" ay kumukubli sa kanyang burukrata-kapitalistang operasyon. Ang kanyang "Galit ako sa Amerikano" ay kumukubli sa kanyang panganga-yupapa at panlilimos. Ang kanya namang "Gagapiin ko ang mga oligarko" ay kumukubli sa iskema nya na agawin ang kanilang mga negosyo pabor sa mga tagasuporta nya sa eleksyon. Ang kanyang "Hatid ko ay kapayaapaan" ay kumukubli sa kanyang pagkahayok sa dugo at gera.

Ang tanging totoo niyang deklarasyon ay "I love Marcos." Mahal niya rin si Gloria Arroyo. Nakipagalyansa siya sa pinakakinamumuhiang simbolo ng pasismo at korapsyon para tipunin ang lahat ng kanilang bilyong burukratikong dambong at mga loyalista para tiyakin ang kanilang dinastiya at panatilihin ang malalapit na kamag-anak sa kapangyarihan.

Kasama ng mayorya ng mga husgadong hinirang niya at ni Arroyo, kontrolado na ni Duterte sa Korte Suprema. Gayunpaman, hindi pa siya nasasapatan at itinutulak ang pagtatanggal sa punong mahistrado na kritikal sa kanyang mga patakaran at iskema para monopolisahin ang kapangyarihang pampulitika. Iginigiit rin ni Duterte na patalsikin ang ombudsman na hinirang ni Aquino.

Sa tiranikong paraan, itinutulak ni Duterte ang sentralisasyon at monopolisasyon ng kapangyarihang pampulitika. Panabing lang ang pinalalabas niyang pamamahagi ng kapangyarihan sa pamamagitan ng pederalismo. Ang tunay na layunin ay iupo ang kanyang sarili sa gitna at sa tuktok ng reaksyunaryong estado bilang pasistang diktador, maging sa pamamagitan ng deklarasyon ng batas militar na isang kumpletong pagbalewala sa konstitusyong 1987, o sa pamamagitan ng *charter change* (pagbabago sa konstitusyon) tungong huwad na pederal na konstitusyon, na siya ang uupong presidente sa mahabang panahon ng transisyon na walang halalan. Nais ng burukrata-kapitalistang si Duterte na panatiliin ang sarili at kanyang pamilya sa kapangyarihan.

Pinakawalan ni Duterte ang pinakamalalalang anyo ng terorismo ng estado at pasistang karahasan laban sa mamamayang Pilipino. Walang kahihiyang inuudyukan nya ang kanyang kapulisan at pwersang militar na yurakan ang karapatang-tao na walang pagsaalang-alang sa lokal at internasyunal na opinyong publiko. Itinaas na niya ang walang pakundangang pasismo sa antas na patakarang pang-estado sa pagdedeklara niya ng pag-atras ng Pilipinas sa International Criminal Court.

Sa unang taon sa kapangyarihan, tatlong gera na ang inilunsad ni Duterte na nagresulta sa malawakang pagpatay at pagkawasak. Ang hibang na mga pagpatay ng mga pulis at armadong vigilante na iniudyok ni Duterte sa kanyang "gera kontra droga" ay nagresulta sa pagkamatay ng mahigit nang 13,000 tao, kalakhan ay na-akusahang nagtitinda at gumagamit ng ilegal na droga. Ayon sa rekord ng pulis, may mahigit pang 7,000 kaso ng *"homicide"* sa listahan ng Oplan Tokhang na ipaiilalim diumano sa imbestigasyon na posibleng resulta din ang mga ito ng gera sa hanay ng mga sindikato sa droga, na alam naman ng lahat na pagdadahilan lamang sa ekstrahudisyal na pag-

paslang ng mga pulis.

Hindi iilan ang inosenteng tao, kabataan at bata ang napatay. Ang kanyang "gera kontra droga" ay tuluyan nang nawalan ng kredibilidad matapos na malantad ang kanyang anak na si Paolo at mga kasamahan sa Davao, na sila mismo'y nag-iismagel ng droga nang madiskubre nung nakaraang taon ang ₱6.4 bilyong halaga ng shabu na lulan ng bapor galing sa China. Ngayon malinaw na ang "gera kontra droga" ni Duterte ay isa lamang pakana para pagtakpan ang kanyang tunay na nais sa pagliligpit sa mga karibal na sindikato ng droga (sa pagkakapatay kay Espinosa at mga Parojinog ng Iligan) at pasunurin at pagbayarin sila kapalit ng kanilang proteksyon (tulad ng nangyari kay Kerwin Espinosa, Peter Co at Peter Lim).

Ang "Pagkubkob sa Marawi" (Mayo-Oktubre 2017) ay bahagi ng nagpapatuloy na gera laban sa mamamayang Moro. Sa loob ng limang buwan, ang Marawi City ay dinurog ng AFP, suportado ng gamit militar at mga tagapayong militar ng US, sa pamamagitan ng araw-araw na pambobomba sa ngalan ng "pagdurog sa inspirado-ng-ISIS na grupong Maute." Sistematikong pinatag ang buong syudad. Mahigit 400,000 katao sa loob at sa paligid ng Marawi ang napwersang iwan ang kanilang mga tirahan. Di bababa sa 800 katao ang namatay, karamihan ay sibilyan. Mahigit 2,000 ang nawawala pa rin. Hinahadlangan ang mga residente na makabalik sa kanilang mga bahay. Ang malaking bahagi ng Marawi ay inangkin ngayon ng AFP at ng militar ng US bilang reserbasyong militar, samantalang ang mga tao ay pinagkakasya sa "pansamantalang pabahay."

Malawakang pinukaw ng gera sa Marawi ang malaganap na galit ng mamamayang Bangsamoro, laluna ng mga Maranaw. Naging malaking tanong din ito sa sinseridad ni Duterte na mapayapang resolbahin ang tunggalian sa mga Moro. Ang kanyang paulit-ulit na pangako na pagtitibayin ang Bangsamoro Basic Law ay hindi pa din natutupad. Ang armadong paglaban ng Moro ay tiyak na sasambulat sa buong Bangsamoro habang patuloy na niyuyurakan ng rehimeng US-Duterte ang kanilang karapatan para sa sariling pagpapasya.

Inilunsad ng AFP ang Oplan Kapayapaan na gerang panunupil noong simula ng 2017 at ipinataw ang batas militar sa Mindanao noong Mayo. Idineklara ni Duterte ang pagtatapos ng usapang pangkapayapaan sa NDFP noong Nobyembre matapos ang ilang buwang pagtangging ipagpatuloy ang negosasyon sa sustantibong adyenda ng mga repormang sosyo-ekonomiko at ang adelantadong paggigiit na magpatali ang mga rebolusyonaryong pwersa sa kasunduan ng walang taning na tigil putukan. Pagkalipas, dineklara nya ang PKP at BHB bilang mga teroristang organisasyon, upang hingin ang pakikialam ng US sa lokal na kontra-insurhensyang operasyon.

Iwinawasiwas ni Duterte ang pagbabansag na terorista ang PKP bilang sandata para takutin, sindakin at patahimikin ang mga kumokontra sa kanyang balak na magtatag ng diktadura. Inilunsad nya ang antikomunistang panunugis laban sa 600 indibidwal, kasama ang mga konsultant pangkapayapaan ng NDFP, mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao, mga kilalang personalidad at aktibista, lider at nakatatanda ng mga mamamayang minorya at iba pa. Ang AFP ay nagsasagawa ng sarbeylans at pagpatay sa mga pangunahing kadre ng partido.

Ang Oplan Kapayapaan sa esensya ay pagpapatuloy lamang ng 2011-2016 Oplan Bayanihan. Ito rin ang maituturing na pinakabrutal at pinakamalupit nyang gera. Upang kamtin ang layunin nito na bawasan nang kalahati ang lakas ng BHB, ang AFP ay nagplanong magrekluta ng kabuuang 15,000 bagong tropa nitong 2017-2018 at kumpletuhin ang pormasyon ng bagong 10 batalyon. Idineklara ni Duterte ang kanyang plano na kumuha ng mga *"helicopter gunship", "jet fighter", "surveillance drones"*, at iba pang sandata para sa AFP.

Inatasan din ni Duterte ang AFP na gamitin ang lahat para "patagin ang mga bundok," "barilin ang ari" ng babaeng BHB at "ilagay ang ulo ng mga kasapi ng BHB sa baldeng may yelo" at iba pang direktiba na nag-uudyok sa kanila na isagawa ang malalalang paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas. Sa ilalim ni Duterte, ang AFP at kanyang mga ahente ay pumatay na sa halos isandaang mga lider magsasaka, mahigit 20 unyonista, at maraming bilang ng mga aktibista.

Naglunsad ang AFP ng kampanya ng paghuhulog ng bomba at panganganyon laban sa mga komunidad ng sibilyan. Tinatarget nito, sa partikular, ang lugar ng mga Lumad upang ialok sa mga dayong kumpanya para gawing mga plantasyon o minahan. Sa ilalim ng Oplan Kapayapaan, daan-daang barangay ang ipinailalim sa armadong pagsakop ng mga tropa ng AFP na labag sa internasyunal na makataong batas. Sapilitan ding pinaaamin ang libu-libong mamamayan bilang mga *"NPA surrenderee"*, na nagbubura sa kaibahan ng mga sibilyan at armadong kombatant, at nagsasapeligro sa buhay ng mga tao. Resulta ng lahat ng ito, ilampung libong mamamayan ang napwersang lisanin ang kanilang mga komunidad para maghanap ng ligtas na lugar. Duguan ang mga kamay ni Duterte sa humahabang listahan ng kanyang brutal na krimen laban sa mga tao.


# Lumalawak na paglaban at bumibilis na paglakas ng BHB

ANG PAGIGING DEMAGOGO at panlilinlang, tiraniya at terorismo ng pasistang rehimeng US-Duterte ay nagpapasiklab ng galit ng sambayanang Pilipino at pumupukaw sa kanila na magkaisa at maglunsad ng iba't ibang anyo ng paglaban.

May lumalaking kilusan para sa mga karapatang sibil, pinakatampok ang Movement Against Tyranny, sa harap ng tahasang paghamak ni Duterte sa karapatang-tao at todong mga atake laban sa mga kalayaan ng bayan, sa Mindanao at sa buong bansa. May malakas na sigaw para sa katarungan para sa lahat ng mga pagpatay kaugnay sa droga na pakana ng mga pulis at death squad ni Duterte.

Katarungan ang sigaw ng sambayanang Pilipino para sa lahat ng biktima ni Duterte sa gera ng pagwasak sa Marawi. Hinihingi nilang tapusin na ang panlilinlang ng AFP sa media at ibunyag ang tunay na larawan. Sigaw ng mamamayan ng Marawi na makauwi sa kanilang mga tahanan at kilalanin at bigyang-indemnipikasyon ang lahat ng mga namatay at nawala.

Sigaw ng sambayanang Pilipino na itigil na ni Duterte ang paghuhulog ng bomba bilang sandata ng teror at pagwasak laban sa bayan. Iginigiit nila kay Duterte na itigil ang pagtutok ng kanyang mga kanyon sa mga paaralang pangkomunidad ng Lumad at mga komunidad ng mga magsasaka. Hinihingi nilang itigil ang armadong pagsakop sa mga baryo sa kanayunan, ang mga blokeyo sa pagkain at tulong, ang mga curfew at paghadlang sa pagkilos ng tao. Hinihingi nilang itigil ang ekstrahudisyal na pagpatay sa mga aktibista. Hinihingi nilang itigil ng militar ang pagpaparada sa sarili nilang mga pwersang paramilitar, sa kanilang mga kamag-anak at iba pang sibilyan bilang mga "NPA surrenderees."




Katarungan ang sigaw nila para sa lahat ng biktima ng masaker ng Lake Sebu, ang pambobomba sa Batangas City, ang mga pambobomba sa North Cotabato at Bukidnon, ang pagtortyur at bigong pagpatay sa mga aktibista ng Maco, ang pagpatay kay Obillo Bay-ao at marami pang mga krimen na pakana ng mga utusang pasistang tropa ni Duterte.

May lumalaking nagkakaisang prente laban sa rehimeng Duterte. Malawak na saklaw ng mga pwersa ang nagsasama-sama laban sa iba't ibang iskema na magtatag ng diktadura. Nilalabanan nila ang kanyang pakanang *"charter change"* (pagbabago sa konstitusyon) upang itatag ang isang gubyernong presidensyal-pederal at panatilihin siya sa Malacañang sa 10-taong transisyon. Nilalabanan nila ang pagdidiin sa Korte Suprema para mapatalsik ang punong mahistrado.

Nasa ubod ng malawak na kilusang anti-Duterte ang mga pambansa-demokratikong organisasyon. Nakikipagtulungan sila sa iba't ibang mga pwersa sa maraming isyu tulad ng pagtuligsa sa laganap na ekstrahudisyal na pagpatay, pagtatanggol sa press freedom, paglaban sa "cha-cha" at pagtatanggol kay Sereno laban sa pakana ni Duterte na alisin siya para absolutong kontrolin ang Korte Suprema. Naglulunsad sila ng mga aksyong protestang masa na tuluy-tuloy na lumalaki.

Habang lumalala ang tiraniya ng rehimeng Duterte at pagkitil sa mga demokratikong karapatan at kalayaan, parami nang parami ang mamamayang nakikibaka at naglulunsad ng iba't ibang anyo ng paglaban. Milyun-milyon ang napupukaw at namumulat sa katwiran at istorikong pangangailangang magsulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka para wakasan ang rehimeng Duterte at isulong ang kabuuang layuning rebolusyonaryo.

Katunayan, ang bilang ng bagong rekrut sa BHB sa una't kalahating taon ng rehimeng Duterte ay 55% na mas malaki sa kabuuang bilang ng rekrut sa huling apat na taon sa ilalim ng rehimeng Aquino (2012-2016). Tuluy-tuloy na lumalaki ang bilang ng mga kabataang intelektwal mula sa mga syudad na sumasapi sa BHB. Pinatutunayan ni Duterte na siya ang Numero Unong rekruter ng BHB. Matingkad na kinakatawan niya ang lahat ng mapang-api, mapagsamantala at buktot. Dahil sa kanyang kalupitan, parami nang parami ang napupukaw na lumaban.

Sa nakaraang taon, naglunsad ang BHB ng halos isanlibong taktikal na opensiba at iba't ibang tipo ng aksyong militar sa buong bansa, kabilang ang 700 sa kabuuan ng Mindanao. Ipinakikita nito ang determinasyon ng BHB na labanan ang pasistang teror ng pasistang rehimeng US-Duterte. Ang mga yunit ng BHB sa Luzon at Visayas, sa partikular, ay nakapaglunsad ng mga taktikal na opensiba sa mga prubinsya ng Kalinga, Abra, Ilocos Sur, Cagayan, Quirino, Nueva

Vizcaya, Laguna, Batangas, Quezon, Mindoro, Sorsogon, Camarines Norte, Camarines Sur, Eastern Samar, Western Samar, Leyte, Negros Occidental, Capiz, at iba pa. Samantala, nasustine sa kabuuan ng mga yunit ng BHB sa Mindanao ang igting ng mga opensiba ng nagdaang mga taon, kasabay ng pagsimula ng AFP sa malawak na pagdeploy ng mga yunit nito sa mga larangang gerilya. Dahil sa mga taktikal na opensiba sa buong bansa, napupwersa ang kaaway na lubhang banatin ang pwersa nito.


Marami sa mga taktikal na opensibang inilunsad ng BHB sa nagdaang taon ay matagumpay sa usapin ng paglipol at pagdisarma sa mga tropa ng kaaway. Nakasamsam ang BHB nang hindi bababa sa 350 sandata mula sa mga opensibang ito. Pinatutunayan ng mga tagumpay na ito ang kawastuhan ng paggamit ng mga taktikang gerilya ng konsentrasyon, dispersal at paglilipat, ng pagsamantala sa superyor na kaalaman ng BHB sa tereyn at sa malalim na suporta ng masa. Gayunman, may ilang nabigong mga taktikal na opensiba. Dapat humalaw ng aral mula sa mga positibo at negatibong karanasan na may layuning itaas ang kakayahan ng BHB na maglunsad ng mas marami pang taktikal na opensiba at biguin ang mga hakbanging pandepensa at kontra-opensiba ng AFP.

## Paigtingin ang digmang bayan laban sa tiraniya at terorismo

INAATASAN NG KOMITE Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas ang Bagong Hukbong Bayan na ibayong magpalakas sa sarili at paigtingin ang rebolusyonaryong armadong paglaban upang ipagtanggol ang bayan laban sa lumalalang terorismo at tiraniya ng rehimeng US-Duterte. Dapat ubos-kayang gawin ng BHB ang lahat upang papanagutin si Duterte at kanyang mga alipures sa humahabang listahan ng madugong krimen laban sa mamamayang Pilipino.

Aktibong binubuklod ng ligal na pambansa-demokratikong mga pwersa ang malawak na demokratikong pwersa para ipagtanggol ang mga karapatang sibil at labanan ang "cha-cha" at iba pang iskema ni Duterte. Gayunman, higit na mahalaga, dapat nilang ilantad ang mga pasistang atake ng rehimeng Duterte laban sa masang anakpawis na mga magsasaka at manggagawa, laluna sa paglulunsad nito ng Oplan Kapayapaan na digmang panunupil, at pakilusin ang lumalaking bilang ng mamamayan sa mga aksyong protesta at iba pang anyo ng paglaban.

Dapat nilang pag-ugnayin ang mga isyung ito sa demokratikong pakikibakang sektoral at multisektoral (para sa dagdag sahod, libreng matrikula, laban sa bagong mga buwis at iba pa); at sa antipyudal na pakikibaka ng mga magsasaka sa kanayunan at sa pakikibaka para sa karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng mga minoryang mamamayan; gayundin sa malawak na pakikibakang anti-imperyalista, para ilantad at labanan, sa partikular, ang ayudang militar ng US (mga drone, helikopter, bala at mga bomba) sa rehimeng Duterte at pagbigay ng karapatang ekstrateritoryal sa mga pwersang militar ng US sa pamamagitan ng EDCA, VFA at iba pang tagibang na kasunduan.




Nagsusulong ang BHB ng armadong pakikibaka bilang matatag na sentro ng paglaban ng bayan sa pasistang tiraniya ng rehimeng Duterte. Tulad sa pakikibaka sa diktadurang US-Marcos, ang armadong pakikibaka ang prinsipal na sandata sa paglaban sa brutal na armadong panunupil ng rehimeng US-Duterte. Ang todong pasistang atake nito ay nagdidiin sa sentral na halaga ng pagsusulong ng armadong pakikibaka para makamit ang rebolusyonaryong mithiin ng bayan.


Dapat ubos-kayang isulong ng BHB ang digmang bayan at biguin ang deklaradong plano ng rehimeng US-Duterte na wasakin ito sa loob ng 2018. Dapat ilunsad ng BHB ang malawak at masinsing pakikidigmang gerilya sa buong kapuluan upang pwersahin ang AFP na mabanat nang husto at pigilin itong matagalang makapagkonsentra ng pwersa sa isang pokus na erya.

Dapat sikapin ng BHB na abutin at paunlarin ang inisyatiba at pleksibilidad sa lahat ng panahon. Dapat idirihe ng mga panrehiyon at pansubrehiyon na kumand ng BHB ang mga pwersa nito para mabilis na magkonsenta, magdispers at lumipat para lumabas sa pokus ng operasyon ng kaaway, bumira mula sa likod o sa gilid at patamaan ang ilang mahihina at nahihiwalay na bahagi ng kaaway. Dapat buuin ng iba't ibang kumand ng BHB sa magkakarugtong na larangang gerilya o magkakarugtong na hangganan ng mga rehiyon, subrehiyon o prubinsya ang iba't ibang tipo ng koordinasyon upang mas epektibong harapin ang mga kampanya ng kaaway sa antas interrehiyon o rehiyon.

Dapat masamantala ng mga kumand ng BHB sa buong Mindanao ang lawak at latag ng mga lara-

ngang gerilya upang mapangahas na paigtingin at patatagin ang pakikidigmang gerilya kaakibat ng pagsusulong ng malawak na masang magsasaka at manggagawa at lahat ng anyo ng paglaban. Mabilis na pinauunlad ang koordinasyon at tulungan sa antas Mindanao. Dapat mabuo ang mga plano sa antas interrehiyon, rehiyon at subrehiyon para biguin ang pagpapakat ng ilang batalyon ng AFP sa tinaguriang mga operasyong "peace and development" na sumasakop sa mga baryo sa malawak na erya sa kanayunan.

Dapat ubos-kayang maglunsad ang mga kumand ng BHB sa Luzon at Visayas ng mga taktikal na opensiba o kampanya batay sa kasalukuyan nilang lakas at kakayahan at sikaping mabilis na palakihin ang bilang ng mga Pulang mandirigma ng BHB, mapanghas na palawakin ang mga larangang gerilya at paunlarin at paigtingin ang pakikidigmang gerilya.




Sa pagpanawagan ng Partido na paigtigin ang mga taktikal na opensiba, idinidiin ng Partido ang estratehikong tungkulin na isulong ang matagalang digmang bayan sa pamamagitan ng pagsulong ng malawak at maigting na pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa. Sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa kaaway, ginagamit ng BHB ang mga gerilyang taktika ng konsentrasyon, dispersal at paglilipat, sinasamantala ang paborableng tereyn at sumasandig sa suporta ng mamamayan. Tinatarget ng BHB ang mahihinang bahagi ng kaaway at naglulunsad ng mga opensiba na may plano para tiyakin ang 100% tagumpay.

Dapat sistematikong paunlarin ng BHB ang istruktura ng pwersa, magtatag ng mga lakas-kumpanyang larangang gerilya na may wastong balanse ng mga pwersang bertikal at horisontal. Dapat bigyang-atensyon ng mga yunit ng BHB ang diyalektika sa pagitan ng ekspansyon at konsolidasyon at itaas ang kakayahang sumulong nang paalon at isulong nang sustenido ang pakikidigmang gerilya.

Para palalim, paunlarin at palakasin ang suporta ng malawak na masang magsasaka, dapat malawakang isulong ng BHB bilang pangkalahatang patakaran, ang minimum na programa sa reporma sa lupa. Dapat may masaklaw at sustenidong mga kampanya sa antas munisipyo, distrito, prubinsya o rehiyon para sa pagpapababa ng upa sa lupa, interes sa pautang at bayad sa irigasyon, hayop at kagamitan sa pagsasaka; para sa pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid; pagpapaunlad ng presyo ng pagbili sa ani sa kapakinabangan ng mga magsasaka; at pagtataas ng produksyong agrikultural at mga dagdag na pagkakakitaan sa pamamagitan ng inisyatibang indibidwal o mga saligang anyo ng pagtutulungan.

Ang maksimum na programa ng pagkumpiska ng lupa mula sa mga despotikong asendero at mang-aagaw ng lupa at pamamahagi nito nang libre sa mga nagsasaka ng lupa ay dapat ipatupad nang pili sa mga erya na ang BHB at mga rebolusyonaryong pwersa ay may sapat na lakas para ipatupad ito nang pantay at produktibo; ang kung saan kaya nilang biguin ang marahas na reaksyon ng kaaway. Sa lahat ng panahon, dapat samantalahin ng BHB ang pagkakaiba ng maliliit, panggitna at malalaking panginoong may lupa, at ng yaong mga despotiko at mulat.

Ang mga tagumpay sa reporma sa lupa ay lubusang nakapagpapatatag sa kapasyahan at determinasyon ng masang magsasaka na isulong ang digmang bayan. Nagbibigay sila ng walang hanggang suporta sa hukbong bayan at nagpupunyagi sa rebolusyonaryong pakikibaka kahit sa harap ng pasistang atake ng kaaway. Dapat magpunyagi ang BHB at mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika na isustine ang mga tagumpay na ito at tiyakin ang tuluy-tuloy na pagpapatupad ng mga patakaran sa lupa. Dapat labanan at biguin ang mga pagtatangka ng mga reaksyunaryo na baligtarin ang mga tagumpay na ito at ibalik ang dating mga patakaran. Ang mga ganansya sa rebolusyong agraryo ay dapat humantong sa ibayong pagpapalawak ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at malawakang paglahok ng masa sa armadong pakikibaka, pati na sa mga kampanya sa ekonomya, pulitika, kultura at organisasyon.

Dapat pamalagiang bigyang-atensyon ng BHB ang kapakanan ng masang magsasaka at makipagtulungan sa mga lokal na organisasyong masa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika para harapin ang malalaki at maliliit na problema kabilang ang pagtataas ng produksyon at pagpapaunlad ng kabuhayan, paaralan para sa mga bata, kalusugan ng pamayanan, sanitasyon, pagkukunan ng tubig, elektrisidad at iba pa. Dapat regular na isagawa at i-apdeyt ang mga panlipunang pagsisiyasat, at maglunsad ng mga kumperensyang bayan para maglagom ng kanilang mga kampanya at pakikibaka at magbuo ng plano para ibayong isulong ang interes ng bayan. Dapat ding ilunsad ang mga lokal na kumperensya para buklurin ang mamamayan sa pagharap at pagdepensa laban sa atake ng mga tropa ng kaaway.

Dapat buuin at sanayin ng BHB ang milisyang bayan bilang lokal na pwersang pulis sa bawat barangay sa ilalim ng rebolusyonaryong pamamahala, gayundin ang mga yunit pananggol-sa-sarili sa loob ng mga rebolusyonaryong pwersa. Ang mi-

lisyang bayan at mga yunit panang-gol-sa-sarili ay pantulong at reserbang pwersa ng BHB. Maaari silang magsilbing lambat paniktik at pangmatyag. Maaari silang maramihang armasan ng mga sariling-gawang riple at maikling baril.

Dapat patuloy na magpakat ang BHB ng mga espesyal na partisano at yunit komando para magsagawa ng mga operasyon para wasakin ang sistemang pangkomunikasyon ng kaaway, kagamitang militar, sistemang pang-intelidyens, imbakan ng suplay at iba pang ispesipikong target; pati na mga aksyong pamarusa laban sa mga ispesipikong target gaya ng mga pusakal na yumuyurak sa karapatang-tao, mga korap na upisyal, pinuno ng droga at iba pang sindikatong kriminal.

Dapat umangkop ang BHB sa mga bagong bigay ng US na sopistikadong sandata at pangibabawan ito, sa depensa at opensa. Gayunman, nananatiling iilan at kalat-kalat ang gamit ng mga ito. Dapat magpaunlad ang BHB ng bagong mga sandata at taktika para ibayong paunlarin ang kakayahan nito sa gerilyang pakikidigma.

Dapat matatag na pamunuan ng Partido ang Bagong Hukbong Bayan. Sa lahat ng antas, dapat palaging sikapin ng mga kadre ng Partido na itaas ang pagkakaisa, kakayahan at kapasyahan ng lahat ng Pulang mandirigma at kumander sa pamamagitan ng kolektibong talakayan at mga pulong pagpuna at pagpuna-sa-sarili. Dapat sikapin ng Partido na magpakat ng paparaming mga kadre mula sa uring manggagawa at intelihensya mula kalunsuran patungo sa BHB upang magsilbing mga Pulang mandirigma at kumander at giyang pampulitika.

Ang mga aral mula sa positibo at negatibong karanasan ay dapat mabilis na lagumin at ibahagi sa iba't ibang mga panrehiyong kumand ng BHB. Lahat ng impormasyon at pagsusuri hinggil sa operasyon ng kaaway sa pambansa at panrehiyong antas ay dapat maagap na iulat sa Pambansang Kumand sa Operasyon, na siya namang dapat magpabatid sa lahat ng kumander ng BHB sa iba't ibang rehiyon at bumuo ng buod na pagsusuri. Ipinatutupad ng NOC ang plano ng Komite Sentral para sa pambansang pagsulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Mula nang ika-2 Kongreso at unang plenum ng ika-2 Komite Sentral nito, patuloy na lumalakas ang Partido. Sinisikap ng Partido na konsolidahin ang mga tagumpay nito. Tinasa ng ating sentral na pamunuan ang sitwasyon at ipinirme ang mga plano para sa ibayong pagpapalakas ng Partido, ng BHB at lahat ng rebolusyonaryong pwersa para labanan at biguin ang Oplan Kapayapaan ng rehimeng US-Duterte.

Dagdag pa, pinagtibay nito ang planong isagawa ang 25-taong paglalagom at buuin ang 50-taon istorikong salaysay ng PKP. Isasagawa ng lahat ng panrehiyong komite at mga sentral na organo ang mga kumperensya sa paglalagom. Layunin ng Partido na humalaw ng mga aral mula sa limang dekada ng pagsusulong ng digmang bayan upang higit na payamanin ang mga teoretikong gabay sa kabangyaman ng nagdaan at kamakailang karanasan sa pagsusulong ng digmang bayan sa isang pulu-pulong bansa.

Ipagdiwang natin ang limang dekada ng mga rebolusyonaryong tagumpay at humalaw ng mga aral. Sa paglalagom ng ating kasaysayan, hangad nating itaas ang kakayahan ng mga nakababatang kadre, Pulang kumander at mandirigma na mamuno sa papalaking tungkulin, at matuto at humalaw ng aral sa sarili nilang karanasan. Upang matamo ang layunin nating isulong ang digmang bayan sa pamamagitan ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya sa batayan ng papalawak at papalalim na baseng masa, kailangang magsanay ang Partido ng libu-libong kadre, pati na mga upisyal ng BHB, upang mamuno sa pagtupad ng Partido ng iba't ibang tungkulin sa iba't ibang antas at larangan ng gawain.

Tiyak na bibiguin ng Partido ang layunin ng rehimeng US-Duterte na gapiin o hatiin ang lakas ng BHB sa katapusan ng taon. Puspusang lalabanan ng sambayanang Pilipino at kanilang mga rebolusyonaryong pwersa ang Oplan Kapayapaan ng rehimeng US-Duterte at lalabanan ang lahat ng iskema nito na magtatag ng pasistang diktadura at panatilihin ang sarili sa poder.

Sa paglaban sa tiraniya at terorismo ng rehimeng US-Duterte, tiyak na mabilis na lalawak at lalakas ang Bagong Hukbong Bayan sa pagpapaigting at pagsulong ng digmang bayan sa mas mataas na antas at paghatid sa pambansa-demokratikong rebolusyon papalapit sa ganap na tagumpay. AB

